Mga Pamamaraan ng Pagsunod sa Titulo VI

Titulo VI

Ang Lungsod ng Long Beach, sa ilalim ng Titulo VI ng Civil Rights Act ng 1964 at mga kaugnay na batas, ay tinitiyak na walang sinuman sa Lungsod ng Long Beach ang, nang dahil sa lahi, kulay, paniniwala, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, o edad, ibubukod mula sa paglahok sa, pagkakaitan ng benepisyo sa, o di kaya'y maisasailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na pinangangasiwaan nito.

Mga Pamamaraan ng Pagreklamo sa Ilalim ng Titulo VI

Ang sinumang taong naniniwalang siya ay na-discriminate dahil sa kanyang lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kasarian, o kapansanan ay maaaring magsampa ng reklamo sa ilalim ng Titulo VI sa ADA sa Buong Lungsod/Koordinator ng Titulo VI ng Lungsod ng Long Beach. Kinakailangang maisampa ang reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng hinihinalang diskriminasyon. Upang magsampa ng isang pormal na reklamo, mangyaring magsumite ng isang nakasulat na Form ng Reklamo sa Ilalim ng Titulo VI sa:

Email: heather.blackmun@longbeach.gov

Direktang Linya: (562) 570-6257
TTY: (562) 570-2779
Fax: (562) 570-6012
Magpadala ng Liham:
Civic Center Plaza
Atensyon: Heather Blackmun, ADA sa Buong Lungsod /Koordinator ng Titulo VI
333 W Ocean Blvd, 9th Floor
Long Beach, CA 90802

Makatatanggap ang mga nagreklamo ng isang nakasulat na tugon sa loob ng 15 araw na nagbibigay-alam ng pagtanggap ng reklamo. Susuriin ng ADA sa Buong Lungsod/Koordinator ng Titulo VI ang reklamo upang matukoy kung ito ay napapaloob ng sinasakupan nito. Ang lahat ng reklamong napapaloob sa nasasakupan ng Lungsod ng Long Beach ay iimbestigahan sa lalong madaling panahon. Ilalaan ang isang nakasulat na abiso ng mga napag-alaman pagkatapos ng imbestigasyon. Kung kinakailangan ang higit pang impormasyon upang masuri ang reklamo, maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang Koordinator ng Titulo VI.

Ang mga reklamong hindi napapaloob sa sinasakupan ng Lungsod ng Long Beach ay isasangguni, kung saanman naaangkop, sa Kagawaran ng Transportasyon ng California, sa Administrasyon ng Aviation ng Pederal, sa Administrasyon ng Highway ng Pederal, sa Kagawaran ng Transportasyon ng U.S., o sa Kagawaran ng Hustisya ng U.S. at/o aabisuhan ang nagrereklamo.

Maaari ring direktang isampa ang mga reklamo sa:
Kagawaran ng Transportasyon ng California (CalTrans)
Liaison ng Titulo VI , Distrito 7
100 S. Main Street, 12th Floor
Los Angeles, CA 90012

Administrasyon ng Highway ng Pederal
Koordinator ng mga Karapatang Sibil
650 Capitol Mall. Suite 4th Floor
Sacramento, CA 95814

Administrasyon ng Aviation ng Pederal
Opisina ng mga Karapatang Sibil
800 Independence Avenue, SW
Washington D.C. 20591

Federal Transit Administration
Opisina ng mga Karapatang Sibil, Rehiyon IX
201 Mission Street, Suite 1650
San Francisco, CA 94105